



# ANG BAGONG KALABAN


Panulat ni Ferdie L. Eusebio
Disenyo ni Jairene Cruz-Eusebio



SulatKamay.com
BolunTurismo PH
PSND, Inc.
MADE IN Canva

May bagong kalaban
ang buong lipunan.
Ayayay! Ano 'yun?
Ano kayang meron?
Di tao, di hayop,
kundi isang virus!



Virus na maliit
Mabilis pumuslit
Lalo na't marumi
Ang ating sarili
At mga kalarong
Hindi naliligo.





Lumalaganap din
Kapag bumabahing
At di nagtatakip
Ng ilong at bibig.



Paano iiwas
Upang maging ligtas?

Ang misyon sa atin
Na marapat sundin:
Maghugas ng kamay
Upang di mataglay,
Virus na mabagsik
Sa batang kalapit.



Isa pang pantanggal,
Sa bagong kalaban:
Sabon at alcohol,
Mabisang pang-kontrol
Sa ayaw maubos
Na bagsik ng virus.



At itong quarantine
Ay dapat ding tupdin.
Iwasang lumabas
Para di masagap,
Madala sa loob
Ng bahay ang virus.



Ang kalabang bago
Ay dapat matalo.
Ito'y mangyayari
Kung makikisali
Ang lahat ng bata
Maging matatanda.



At kung matutupad
Ang misyon sa wakas,



## Makakatulad mo:
## Isang superhero!

SulatKamay.com
BolunTurismo PH
PSND, Inc.
MADE IN Canva